



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALABAS: Setyembre 18, 2019
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristine Roselius - 415.749.4900

Pahayag ng Air District sa desisyon ng Administrasyong Trump na bawiin ang waiver na nagpapahintulot sa California na itakda ang sarili nitong mga pamantayan sa emisyon

SAN FRANCISCO – Pahayag ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District), sa desisyon ng Administrasyon ni Trump na ibalik ang mga pamantayan sa emisyon ng sasakyan:

“Kapag bumisita si Presidente Trump sa California, makikita at matutuwa siya sa mga resulta ng maraming dekada ng masipag na pagtatrabaho at progreso sa kasalukuyang pagsisikap para pahasayin ang kalidad ng hangin sa estado, na dating natatabunan ng nakakasulasok na brown haze. Walang katuturan sa pananaw ng kalusugan at patakaran ang pagbawi sa mga pamantayan sa mga emisyon na matagumpay nang nagamit ng California bilang paraan ng paglilinis ng mausok na kalangitan at pagpapahusay ng mga buhay ng milyon-milyong Californian – at, ayon sa mga auto manufacturer, ay wala ring katuturan mula sa pananaw ng negosyo. Patunay dito ang mahusay na pagkilos ng estado para makabuo ng kasunduan sa mga handang automaker. Pinakamabuti nang hindi masabi ang mga potensyal motibasyon para sa hindi makatarungan at mapaminsalang pagkilos na ito. Sa katunayan, ang pagbawi sa mga pamantayan sa mga emisyon ay magkakaroon ng tunay at mapaminsalang resulta para sa California at sa Bay Area. Ito ang dahilan kung bakit walang dudang sinusupportahan ng Air District ang laban ng Estado ng California para ipagtanggol ang ating malinis na pamantayan sa sasakyan at protektahan ang kalidad ng buhay sa lahat ng Californian.”

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)